



SAN FRANCISCO PLANNING DEPARTMENT

1650 Mission Street, Suite 400 • San Francisco, CA 94103 • Fax (415) 558-

ABISO UKOL SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG (PUBLIC HEARING)

AT SA PUWEDE NANG MAKUHA NA BURADOR O DRAFT NG ULAT UKOL SA EPEKTO SA
KAPALIGIRAN (ENVIRONMENTAL IMPACT REPORT)

Petsa ng Pagdinig: **Abril 4, 2019**
 Oras: **Hindi magsisimula bago ang 1:00 PM**
 Lokasyon: **City Hall, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 400**
 Uri ng Kaso: **Pangkapaligiran (Burador o Draft ng Ulat ukol sa Epekto sa
Kapaligiran o Environmental Impact Report)**
 Pangkat na
 Magsasagawa ng Pagdinig: **Komisyon sa Pagpapalano (Planning Commission)**

IMPORMASYON TUNGKOL SA ARI-ARIAN O PROPERTY

Address ng Proyekto: Market Street na nasa pagitan ng Steuart Street at Octavia Boulevard. Kasama sa lugar o corridor ng proyekto ang mga bahagi ng mga kalyeng tumatawid sa Market Street, apat na interseksiyon na malapit sa lugar o off-corridor, at ang kabuuan ng Charles J. Brenham Place. Kasama rin sa lugar ng proyekto ang bahagi ng Valencia Street na nasa pagitan ng Market Street at McCoppin Street, at ang bahagi ng McAllister Street na nasa pagitan ng Market Street at Charles J Brenham Place.
(Mga) Kalyeng Tinatawid o Cross Street: Drumm Street, Davis Street, Front Street, Battery Street, Bush Street, Sansome Street, Sutter Street, Montgomery Street, Kearny Street, Geary Boulevard, O'Farrell Street, Grant Ave, Stockton Street, Ellis Street, Powell Street, Cyril Magnin Street, Mason Street, Turk Street, Taylor Street, Jones Street, McCallister Street, , Hyde Street, Grove Street, Hayes Street, Larkin Street, Polk Street, Fell Street, Van Ness Ave, Franklin Street, Page Street, Haight Street, Gough Street, Octavia Boulevard, Valencia Street, Steuart Street, Spear Street, Main Street, Beale Street, Fremont Street, 1st Street, 2nd Street, New Montgomery Street, 3rd Street, 4th Street, 5th Street, 6th Street, 7th Street, 8th Street, 9th Street, 10th Street, 11th Street, South Van Ness Avenue, 12th Street
Bloke/Numero ng Lote: Iba't iba
(Mga) Distrito para sa Pagsosona: Iba't iba
AREA O NASASAKUPANG LUGAR NG PLANO: Market at Octavia, Central SoMa

IMPORMASYON TUNGKOL SA PAG-AAPLAY

Numero ng Kaso: 2014.0012E
Aplikante/Ahente: Cristina Olea, Mga Pampublikong Pasilidad (Public Works) ng San Francisco
Telepono: 415-437-7050
E-Mail: Cristina.c.olea@sfdpw.org

DESKRIPSIYON NG PROYEKTO

Naihandang ng Departamento sa Pagpapalano (Planning Department) ng San Francisco ang burador ng ulat ukol sa epekto sa kapaligiran (environmental impact report, EIR) kaugnay ng proyektong ito. Iminumungkahi ng tagapagtaguyod ng proyekto, ang Mga Pampublikong Pasilidad (Pampublikong Pasilidad o Public Works) ng San Francisco, ang may koordinasyon sa mga ka-partner sa proyekto, ang Dibisyon sa Pagpapalano para sa Kabuuan ng Lungsod (Citywide Planning Division) ng Departamento sa Pagpapalano (departamento sa pagpapalano o planning department) at ng Munisipal na Ahensiya para sa Transportasyon ng San Francisco (San Francisco Municipal Transportation Agency, SFMTA) ang pagpapatupad ng Proyekto para sa Mas Magandang Market Street o Better Market Street Project (iminumungkahing proyekto o proyekto). Muling gagawa ng disenyo ang mungkahing proyekto, at magkakaloob ng programa para sa pagpapahusay sa transportasyon at pagpapaganda sa kalye para sa 2.2-milya na lugar sa may Market Street hanggang sa downtown ng San Francisco. Pangunahing sinasakop ng lugar ng proyekto ang Market Street na nasa pagitan ng Steuart Street at ng Octavia Boulevard. Kasama rin sa lugar ng proyekto ang mga bahagi ng mga kalyeng tumatawid sa Market Street, apat na interseksiyon na malapit sa lugar o off-corridor, at ang kabuuan ng Charles J. Brenham Place. Kasama rin sa lugar ng proyekto ang bahagi ng Valencia Street na nasa pagitan ng Market Street at McCoppin Street at ang bahagi ng McAllister Street na nasa pagitan ng Market Street at Charles J Brenham Place.

Gagawa ng mga pagbabago ang proyekto sa pagkakaayos ng mga dinaraanang kalye at paggamit sa mga ito ng pribadong sasakyan, signal na pantrapiko, mga sasakyan na nasa kalye (kasama na ang mga lane na para lamang sa Muni, espasyo sa pagitan ng mga hintuan at pagseserbisyo, lokasyon ng mga hintuan, katangian ng mga hintuan, at imprastruktura), pasilidad para sa bisikleta, pasilidad para sa naglalakad, pagkakaayos sa kalye, pagsakay at pagbaba sa mga pangnegosyong sasakyan at pagsakay at pagbaba ng mga pasahero, pagpaparada ng mga sasakyan, at mga utilidad o pampublikong serbisyo. Magpapatupad ang mungkahing proyekto ng bagong kumukurba pabalik na riles o track loop (F-loop) ng makasaysayang streetcar sa kalye (F-Line) na F Market & Wharves na magkabilaan ang direksiyon (bi-directional) at nasa Charles J. Brenham Place at McAllister Street. Gagawin ang mga bagong riles ng F-loop sa daanang kalye upang mabigyan ang mga streetcar ng F-Line na tumatakbo sa kalye ng karagdagang mga oportunidad upang lumipat mula sa pagtakbo papunta sa kanluran o westbound (palabas o outbound) tungo sa pagtakbo papunta sa silangan o eastbound (papasok o inbound) gamit ang bagong loop at pabalik din. Papalitan din ng proyekto ang pagkakaayos sa trapiko sa katabing mga kalye na tumatawid sa Market Street, kapwa sa hilaga (north) at sa timog (south). Bukod sa mungkahing proyekto, pinag-iisipan ng tagapagtaguyod ng proyekto ang isang pagkakaiba o variant sa proyekto na imimunungkahi: ang Pangkanlurang Pagkakaiba (Western Variant). Matatagpuan ang pagkakaibang ito sa bahagi ng parehong lugar ng mungkahing proyekto, pero naiiba dahil sa mga mungkahing pagpapahusay. Kasama sa Pangkanlurang Pagkakaiba (Western Variant) ang humigit-kumulang sa 0.6 milyang bahagi ng Market Street na nasa pagitan ng Octavia Boulevard, at ang lugar na humigit-kumulang sa 300 feet o piye na nasa kanluran ng interseksiyon ng Hayes at Market Street. Hangad ng Western Variant ang karagdagang pagpapahusay sa mungkahing proyekto, sa mga aspeto ng kaligtasan para sa naglalakad at nagbibisikleta, kaginhawahan, at higit na paggalaw sa pamamagitan ng karagdagang pagbabawas sa mga hindi pagkakasundo sa pagitan ng magkakaibang uri ng transportasyon.

Nasa pampublikong lupa ang kabuuang lugar ng proyekto, at ipatutupad ang karamihan sa iba't ibang elemento ng mungkahing proyekto nang nasasaklaw ng operasyonal nang karapatan sa daan o right-of-way ng publiko, na ang malaking bahagi ay nasa hurisdiksiyon ng tagapagtaguyod ng proyekto at ng SFMTA. Hindi isasagawa, at hindi rin maka-apekto, ang mungkahing proyekto sa mga lugar na industriyal o sa iba pang lugar kung saan may naiulat nang mapanganib na materyales.

Mangangailangan ang implementasyon ng proyekto at mga pagkakaiba o variant ng proyekto ng maraming pagrerepaso ng estado at lokal na gobyerno, permit o pahintulot, at pag-apruba, kasama na ang mga sumusunod: pag-apruba ng batas ukol sa mga bangketa, pag-apruba ng pahintulot para sa abalang dulot ng panahon ng konstruksiyon (construction-period encroachment permit), pag-apruba ng mga pagbabago sa bawat ruta ng bus/linya ng streetcar at lugar ng paghinto, bukod pa sa ibang nakalista sa deskripsiyon ng proyekto na nasa Burador ng EIR.

BURADOR O DRAFT NG EIR: Napagpasyahan ng Burador ng EIR na magbubunga ang implementasyon ng mungkahing proyekto ng malalaki at hindi maiiwasang epekto sa antas ng proyekto, at mga pinagsama-sama nang epekto, kaugnay ng mga rekurso o resources na pangkultura, transportasyon at sirkulasyon, at ingay. Puwedeng makuha ang Burador ng EIR, kasama na ang detalyadong deskripsiyon ng proyekto upang marepaso at mabigyan ng opinyon ng publiko sa website ng Departamento sa Pagpapalano na nasa <https://sf-planning.org/better-market-street-environmental-review-process>.

Layunin ng pampublikong pagdinig na makatanggap ang mga kawani ng ng Komisyon at Departamento sa Pagplano ng mga komento tungkol sa pagiging sapat ng EIR. Hindi sasagutin ng Komisyon sa Pagpapalano ang anumang komento, at hindi rin ito gagawa ng aksiyon sa proyekto sa pagdinig na ito. Tumawag sa 415-558-6422 sa linggo ng pampublikong pagdinig para sa nakarekord na mensahe na nagbibigay ng espesipikong oras para sa pagdinig. Isasaalang-alang ang pagbibigay ng sertipikasyon para sa Pinal na EIR sa iba pang pagdinig sa hinaharap. Para sa mga pag-aabiso sa hinaharap, kontakin ang tagaplano na nasa ibaba kung gusto ninyong mailagay sa listahan ng pinadadalhan ng sulat.

Bukod rito, magsasagawa ang Komisyon para sa Pangangalaga sa mga Makasaysayang Lugar (Historic Preservation Commission) ng pampublikong pagdinig sa Miyerkoles, Marso 20, 2019, sa Room 400, City Hall, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, simula 12:30 p.m. o mas hapon pa rito, upang makapagbigay ito ng mga komento tungkol sa Burador na EIR.

Tatanggapin ang mga pampublikong komento ukol sa Borador na EIR mula Pebrero 28, 2019 hanggang 5:00 p.m. ng Abril 15, 2019.

PARA SA IBA PANG IMPORMASYON O PARA MAGSUMITE NG KOMENTO UKOL SA EIR, PAKIKONTAK SI:
Planner (Taga-plano): Chris Thomas Telepono: (415) 575-9036 E-Mail: christopher.thomas@sfgov.org

PANGKALAHATANG IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA PATAKARAN

Hindi itinatakda sa mga miyembro ng publiko na magbigay ng personal na impormasyong makatutukoy sa kanilang identidad kapag nakipagkomunikasyon sila sa Komisyon o sa Departamento. Posibleng gawing bukas sa publiko ang lahat ng nakasulat at pasalitang pakikipagkomunikasyon, kasama na ang isinumiteng personal na impormasyon sa pagkontak, at nang mainspeksiyon at makopya kapag hiniling, at posibleng lumabas din sa website ng Departamento o sa iba pang pampublikong dokumento.

Iyong lamang magbibigay ng komento ukol sa Borador ng EIR ang pahihintulutan na mag-file ng apela kaugnay ng pagbibigay ng sertipikasyon sa Pinal na EIR sa Lupon ng mga Superbisor (Board of Supervisors).

May makukuhang mga CD at papel na kopya ng Burador ng EIR sa Sentro para sa tanggapang mesa ng Impormasyon Tungkol sa Pagpapalano (Planning Information Center) na nasa unang palapag ng 1660 Mission Street, San Francisco, at puwedeng marepaso ang mga sangguniang materyales sa pamamagitan ng pakikipag-appointment (tawagan ang tagaplano na nakalista sa ibaba): Dapat ipadala ang mga nakasulat na komento kay Chris Thomas, Environmental Planner, San Francisco Planning Department, 1650 Mission Street, Suite 400, San Francisco, CA 94103, o i-email sa christopher.thomas@sfgov.org. Sasagutin ang mga komentong matatanggap sa pampublikong pandinig at sa pamamagitan ng sulat sa dokumentong Sagot sa mga Komento (Responses to Comment, RTC) sa Burador na EIR.